# Ang Paksa ng Hindi Matuwid na Pag-Aasawa

Ang Simbahan ng Diyos dahil sa matagal na pagharap sa paksa ng hindi matuwid na pagaasawa, at kailangan nating ipagpatuloy ang panawagan sapagkat habang ang kaugnayan ay nagpapatuloy ang pangangalunya at pakikiapid ay nagpapatuloy. Sa gayon walang kaligtasan sa mga nabubuhay sa ganitong kasalanan kaya naman kailangan nating harapin ng mabuti ang ganitong problema***. "O hindi baga ninyo nalalaman na ang mga liko ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios? Huwag kayong padaya: kahit ang mga mapakiapid, ni ang mga mananamba sa diosdiosan, ni ang mga mangangalunya, ni ang mga nangbababae, ni ang mga mapakiapid sa kapuwa lalake." (1 Corinto 6:9)*** Narito inilalagay natin ang katuruan para ito sa gayo'y ang ating mga manggagawa at kasapi ay may kaalaman at matutunan para patuloy na labanan ang ganitong kasalanan. Kailangan talaga nating magmalasakit tungkol sa kanilang kaligtasan, sa mga nasasangkot, at higit ngayon tayo ay magmalasakit sapagkat ang kasalanang ito ay laganap sa buong sanglibutan at lalo na ang ating simbahan ay mayroong ministerio sa iba't ibang mga bansa at inaabot ang iba't ibang mga bansa.

Ang Banal na Kasulatan sa Bibliya, sa Lumang Tipan at sa Bagong Tipan, ay hinarap ang ganitong suliranin at ginanap para harapin sa paghihiwalay saan man yaon ay kinakailangan sa mga kasangkot sa ganitong pag-aasawa:

1. Hinarap ito ni Ezra nang sila'y nag-ulat sa kanya sa ganitong usapin ng hindi matuwid na pag-aasawa at kung paanong ang bayan ng Diyos sa ganitong pag-aasawa ay nagkaroon ng panganib sa banal na binhi at ipinisan ang kanilang sarili sa mga tao ng lupain. Hinarap ito ni Ezra upang ang banal na lahi, ang susunod na saling lahi ay mapanatili: ***"1 Nang magawa nga ang mga bagay na ito, ang mga prinsipe ay nagsilapit sa akin, na nangagsasabi: Ang bayan ng Israel, at ang mga saserdote, at ang mga Levita, ay hindi nagsihiwalay sa mga bayan ng mga lupain, na nagsisigawa ng ayon sa kanilang mga karumaldumal, sa makatuwid baga'y ang mga Cananeo, ang mga Hetheo, ang mga Pherezeo, ang mga Jebuseo, ang mga Ammonita, ang mga Moabita, ang mga taga Egipto, at ang mga Amorrheo.2 Sapagka't kinuha nila ang kanilang mga anak na babae sa ganang kanilang sarili, at sa kanilang mga anak na lalake, na anopa't ang banal na binhi ay nahalo nga sa bayan ng mga lupain: oo, ang kamay ng mga prinsipe at ng mga pinuno ay naging puno sa pagsalangsang na ito.3 At nang mabalitaan ko ang bagay na ito, aking hinapak ang aking suot at ang aking balabal, at binaltak ko ang buhok ng aking ulo at ng aking baba, at ako'y naupong natitigilan. 4 Nang magkagayo'y nagpipisan sa akin ang lahat na nanginginig sa mga salita ng Dios ng Israel, dahil sa pagsalangsang nila na sa pagkabihag; at ako'y naupong natitigilan hanggang sa pagaalay sa hapon." (Ezra 9:1-4)*** Hinarap ni Ezra ang hindi tapat na mga Israelita sa pag-aasawa sa mga hitanong bansa at ginaya ang kanilang mga gawi at pagdumi sa banal na lahi. Hinarap ni Ezra ang ganitong pag-aasawa gaya ng aking ipinaliwanag na nasa aking ibang mensahe pinamagatang "Ang Paninikluhod Yugto 8' na maari mo ring balikan ang higit na mga detalye. Taimtim na kinuha ni Ezra at hinarap nila ito ng mabuti at nang wasto. *Kahit ngayon mayroong marami sa hindi matuwid na pag-aasawa sa loob at labas ng katawan ni Cristo, at kailangan nating harapin ito ayon sa kautusan ng Diyos at sa pangunguna ng Banal na Espiritu: * Hindi dapat tayong matakot sa paguusig at sa pagsalungat , at huwag tayong matakot na mayroong malaking bilang ng ganitong pag-aasawa at isuko ang ating mga sarili at tanggapin ang kaguluhan na ginawa ng diablo. Kung gagawin natin iyon, ang kaguluhan ay darating sa simbahan at hindi maliligtas ang lahat na nagnanais na mabuhay sa kabanalan at sa sumunod sa Salita ng Diyos.

***"1 Ngayon nang si Ezra ay nanalangin at nang siya ay nagpahayag, nanaghoy at nagpatirapa sa harap ng bahay ng Diyos, nakipagpisan sa kanya mula sa Israel ang isang napakalaking kapisanan ng kalalakihan at kababaihan at mga bata: sapagkat ang bayan ay nanangis na mainam. 2 At si Sechanias na anak ni Jehiel, na isa sa mga anak ni Elam, ay sumagot at nagsabi kay Ezra: Kami ay nagsisalangsang laban sa ating Dios, at nangagasawa sa mga babaing taga ibang bayan ng lupain: gayon man, may pagasa sa Israel tungkol sa bagay na ito.3 Ngayon nga'y mangakipagtipan tayo sa ating Dios, na ating ihiwalay ang lahat na asawa, at ang mga ipinanganak nila, ayon sa payo ng aking panginoon, at niyaong mga nanginginig sa utos ng ating Dios; at gawin ayon sa kautusan.4 Bumangon ka: sapagka't bagay na ukol sa iyo, at kami ay sumasaiyo: magpakatapang kang mabuti, at iyong gawin.5 Nang magkagayo'y tumindig si Ezra at pinasumpa ang mga puno ng mga saserdote, ang mga Levita at ang buong Israel, na kanilang gagawin ayon sa salitang ito. Sa gayo'y sumumpa sila.6 Nang magkagayo'y tumindig si Ezra mula sa harap ng bahay ng Dios, at naparoon sa silid ni Johanan na anak ni Eliasib: at nang siya'y dumating doon, siya'y hindi kumain ng tinapay, o uminom man ng tubig: sapagka't siya'y nanangis dahil sa pagsalangsang nila na sa pagkabihag.7 At siya'y gumawa ng pahayag sa Juda't Jerusalem sa lahat na mga anak sa pagkabihag, na sila'y magpipisan sa Jerusalem;8 At yaong hindi pumaroon sa loob ng tatlong araw, ayon sa payo ng mga prinsipe at ng mga matanda, lahat niyang pag-aari ay sasamsamin, at ihihiwalay siya sa kapisanan ng sa pagkabihag.9 Nang magkagayo'y ang lahat na lalake ng Juda at Benjamin ay nagpipisan sa Jerusalem sa loob ng tatlong araw (siyang ikasiyam na buwan nang ikadalawang pung araw ng buwan): at ang buong bayan ay naupo sa luwal na dako sa harap ng bahay ng Dios, na nanginginig dahil sa bagay na ito at dahil sa malakas na ulan.10 At si Ezra na saserdote ay tumayo, at nagsabi sa kanila: Kayo'y nagsisalangsang, at nangagasawa ng mga babaing tagaibang bayan, upang palalain ang sala ng Israel. 11 Ngayon nga'y mangagpahayag kayo sa Panginoon, sa Dios ng inyong mga magulang, at inyong gawin ang kaniyang kalooban: at magsihiwalay kayo sa mga bayan ng lupain, at sa mga babaing tagaibang bayan.12 Nang magkagayo'y ang buong kapisanan ay sumagot at nagsabi ng malakas, Kung ano ang iyong sinabi tungkol sa amin, gayon ang nararapat naming gawin" (Ezra 10:1-12)*** Hinarap sila ni Ezra sa kanilang mga kasalanan, ipinahayag sa kanila ang kalooban ng Diyos at ibinigay sa kanila ng pasya para ihiwalay ang kanilang mga sarili mula sa mga tao ng lupain at mula sa mga dayuhang asawa at sila'y sumangayon na gawin iyon.

Kay Ezra, itinayo ng Diyos ang mabuting bilang ng ibang tao para harapin ang ganitong mapanganib na malaking kasalanan at sa malaking bilang na kasangkot sa ganitong hindi matuwid na pag-aasawa. Ginawa ng Diyos at patuloy na gagawin ang pareho sa atin upang tulungan tayo. Sa ***Ezra 10:13-14*** naglalaman ng kanilang pagsasaayos at ang talaan ng mga kasangkot sa ganitong pag-aasawa na sa huli'y kanilang hinarap. Ang mga nagkasala sa pakikipag-asawa sa ibang mga bansa ay sa wakas ay pinilit na sumunod sa kalooban ng Diyos at naghiwalay. ***"13 Nguni't ang bayan ay marami, at panahong maulan, at kami ay hindi makatatayo sa labas: ni ito man ay***

***gawa sa isang araw o dalawa: sapagka't kami ay nagkasalang mainam sa bagay na ito..14 Mahalal ngayon ang ating mga prinsipe sa buong kapisanan, at magsiparito sa takdang panahon yaong lahat na nangasa ating mga bayan na nangagasawa sa mga babaing taga ibang bayan, at pumaritong kasama nila ang mga matanda ng lahat na bayan, at ang mga hukom doon, hanggang sa ang mabangis na kapootan ng ating Dios ay mahiwalay sa atin, hanggang sa ang bagay na ito ay matapos. 15 Si Jonathan lamang na anak ni Asael, at si Jaazias na anak ni Tikvah ang tumayo laban sa bagay na ito: at si Mesullam, at si Sabethai na Levita ang tumulong sa kanila.16 At ginawang gayon ng mga anak sa pagkabihag. At si Ezra na saserdote na kasama ng ilang mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang, ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang, at silang lahat ayon sa kanilang mga pangalan, ay nangaghiwalay; at sila'y nangaupo sa unang araw ng ikasangpung buwan upang litisin ang bagay.17 At kanilang tinapos ang tungkol sa lahat na lalake na nangagasawa sa mga babaing tagaibang bayan nang unang araw ng unang buwan. 18 At sa mga anak ng mga saserdote ay nangasumpungan na nangagasawa sa mga babaing tagaibang bayan; sa mga anak ni Jesua, na anak ni Josadec, at sa kaniyang mga kapatid, si Maasias, at si Elieser, at si Jarib, at si Gedalias.19 At sila'y nangakipagkamay na kanilang ihihiwalay ang kanilang mga asawa; at yamang mga salarin, sila'y nangaghandog ng isang lalaking tupa sa kawan dahil sa kanilang sala.20 At sa mga anak ni Immer; si Hanani at si Zebadias.21 At sa mga anak ni Harim; si Maasias, at si Elias, at si Semeias, at si Jehiel, at si Uzzias.22 At sa mga anak ni Phasur; si Elioenai, si Maasias, si Ismael, si Nathanael, si Jozabad at si Elasa.23 At sa mga Levita; si Jozabad, at si Simi, at si Kelaia (na siya ring Kelita), si Pethaia, si Juda, at si Eliezer.24 At sa mga mangaawit: si Eliasib: at sa mga tagatanod-pinto; si Sellum, at si Telem, at si Uri.25 At sa Israel: sa mga anak ni Pharos; si Ramia at si Izzias, at si Malchias, at si Miamim, at si Eleazar, at si Malchias, at si Benaias.26 At sa mga anak ni Elam: si Mathanias, si Zacharias, at si Jehiel, at si Abdi, at si Jeremoth, at si Elia.27 At sa mga anak ni Zattu; si Elioenai, si Eliasib, si Mathanias, at si Jeremoth, at si Zabad, at si Aziza.28 At sa mga anak ni Bebai; si Johanan, si Hananias, si Zabbai, at si Atlai.29 At sa mga anak ni Bani; si Mesullam, si Malluch, at si Adaias, si Jasub, si Seal, at si Ramoth.30 At sa mga anak ni Pahath-moab; si Adna, at si Cheleal, si Benaias, si Maasias, si Mathanias, si Besaleel, at si Bennui, at si Manases.31 At sa mga anak ni Harim; si Eliezer, si Issia, at si Malchias, si Semeia, si Simeon;32 Si Benjamin, si Malluch, si Semarias,33 Sa mga anak ni Hasum; si Mathenai, si Mathatha, si Zabad, si Eliphelet, si Jeremai, si Manases, at si Sami.34 Sa mga anak ni Bani; si Maadi si Amram, at si Uel;35 Si Benaias, si Bedias, si Cheluhi;36 Si Vanias, si Meremoth, si Eliasib;37 Si Mathanias, si Mathenai, at si Jaasai;30 At si Bani, at si Binnui, si Simi;39 At si Selemias, at si Nathan, at si Adaias;40 Si Machnadbai, si Sasai, si Sarai;41 Si Azareel, at si Selemias, si Semarias;42 Si Sallum, si Amarias, si Joseph.3 Sa mga anak ni Nebo; si Jehiel, si Matithias, si Zabad, si Zebina, si Jadau, at si Joel, si Benaias.44 Lahat ng mga ito'y nangagasawa sa mga babaing taga ibang bayan: at ang iba sa kanila ay may mga asawang pinagkaroonan ng mga anak." (Ezra 10:13-44)***

Ito ay nasa Lumang Tipan at ang mga tao ay magsasabi kung nasaan sa Bagong Tipan ang ganitong pag-aasawa ay hinarap.

2. Sa Bagong Tipan hinarap ni Jesus ang ganitong hindi matuwid na pag-aasawa nang hindi niya sinangayunan ang paghihiwalay at ang muling pag-aasawa at isinaalang-alang sila bilang nangangalunya***: "3 At nagsilapit sa kaniya ang mga Fariseo, na siya'y tinutukso nila, at kanilang sinasabi, Naaayon baga sa kautusan na ihiwalay ng isang lalake ang kaniyang asawa sa bawa't kadahilanan?4 At siya'y sumagot at sinabi, Hindi baga ninyo nabasa, na ang lumalang sa kanila buhat sa pasimula, ay sila'y nilalang niya na lalake at babae.5 At sinabi, Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa; at ang dalawa ay magiging isang laman?6 Kaya nga hindi na sila dalawa, kundi isang laman. Ang pinapagsama nga ng Dios, ay huwag papaghiwalayin ng tao.7 Sinabi nila sa kaniya, Bakit nga ipinagutos ni Moises na magbigay ng kasulatan sa paghihiwalay, at ihiwalay ang baba?8 Sinabi niya sa kanila, Dahil sa katigasan ng inyong puso ay ipinaubaya sa inyo ni Moises na inyong hiwalayan ang inyong mga asawa: datapuwa't buhat sa pasimula ay hindi gayon.9 At sinasabi ko sa inyo, Sinomang ihiwalay ang kaniyang asawang babae, liban na kung sa pakikiapid, at magasawa sa iba, ay nagkakasala ng pangangalunya: at ang magasawa sa babaing yaon na hiniwalayan ay nagkakasala ng pangangalunya. 10 Ang mga alagad ay nangagsasabi sa kaniya, Kung ganyan ang kalagayan ng lalake sa kaniyang asawa, ay hindi nararapat magasawa.11 Datapuwa't sinabi niya sa kanila, Hindi matatanggap ng lahat ng mga tao ang pananalitang ito, kundi niyaong mga pinagkalooban.12 Sapagka't may mga bating, na ipinanganak na gayon mula sa tiyan ng kanilang mga ina: at may mga bating, na ginagawang bating ng mga tao: at may mga bating, na nangagpapakabating sa kanilang sarili dahil sa kaharian ng langit. Ang makakatanggap nito, ay pabayaang tumanggap." (Mateo 19:3-12)*** Nang sinabi ni Jesus na ito ay pangangalunya ibig sabihin ang pangangalunyang ito ay hindi tititgil maliban sa mga kasangkot ay mahiwalay. Ilan sa mga kasangkot sa hiwalay at sa muling pag-aasawa, sinabi nila kay Jesus, patawarin kami, ngunit hindi niya papatawarin sila dahil habang ang kanilang ugnayan ay nagpapatuloy ang kanilang pangangalunya ay nagpapatuloy ay pareho, at walang kapatawaran sapagkat walang pagsisisi dahil sila'y nagpapatuloy sa pagkakasala, at walang kaligtasan para sa mga nasasangkot sa pangangalunya kung walang pagsisisi sa pakikkipaghiwalay. * Mas pinili ni Jesus at iminungkahi at tinuruan ang Kanyang mga alagad at kahit sa atin ngayon ng Kanyang simbahan, na mabuhay bilang mga bating, gaya ng mga mahihina at walang pagnanais na makipagsiping, gaya ng Kanyang sinabi dito, "Sapagka't may mga bating, na ipinanganak na gayon mula sa tiyan ng kanilang mga ina: at may mga bating, na ginagawang bating ng mga tao: at may mga bating, na nangagpapakabating sa kanilang sarili dahil sa kaharian ng langit." at yaon ay mas mabuti kaysa makipaghiwalay at mag-asawang muli, upang sila at tayo ngayon ay makapasok sa Kaharian ng Diyos. * Kung ikaw ay hiwalay, sa gayon mas mabuti sayo na manatiling solo kaysa magasawang muli at mabuhay sa pangangalunya at mawala sa Kaharain ng Diyos.

Sila'y nakipagtalo kay Jesus na si Moises ay pinahintulutan ang paghihiwalay***, "Sinabi nila sa kaniya, Bakit nga ipinagutos ni Moises na magbigay ng kasulatan sa paghihiwalay, at ihiwalay ang babae?" (Mateo 19:7)*** Ating basahin ang Kanyang sagot: "Sinabi niya sa kanila***, "Dahil sa katigasan ng inyong puso ay ipinaubaya sa inyo ni Moises na inyong hiwalayan ang inyong mga asawa: datapuwa't buhat sa pasimula ay hindi gayon." (Mateo 19:8)*** * Ang paghihiwalay sa anumang dahilan at pagkatapos muling mag-asawa ayon kay Jesus ay magagawa lamang ng may matigas na puso, at nalalaman natin na ang may matitigas na puso ay hindi makakapasok sa Kaharian

ng Diyos. * Sinabi ito ng malinaw ni Jesus sa pasimula ito ay hindi ganon. Ang paghihiwalay ay hindi itinalaga ng Diyos sa aklat ng Genesis.

Ang inaasahan ni Jesus ay inilagay dito sa mga Judio para sa paghihiwalay at sa muling pag-aasawa ay kung ang kabiyak ay nasasangkot sa (pakikiapid) pangangalunya, at para sa ganyang kasalanan, ang pagbato ang kanilang gawi at kaya kapag ang nangangalunyang kabiyak ay papatayin kasama ng taong gumagawa ng gawain., sa gayon ang ibang kabiyak ay malaya na at maaring mag-asawa ng iba. Kaya muling pag-aasawa na binanggit ni Jesus dito ay kaugnay sa kamatayan ng nangangalunyang asawa. Ngayon sa ksalukuyang panahon dahil hindi natin kayang patayin kaya hindi rin natin papayagan ang paghihiwalay at ang muling pag-aasawa.

Sa ***Juan 8*** ito'y pinagtibay sa atin na sa panahon ni Jesus at nang sinalita iyon sa mga Judio na ang kanilang gawi ay papatayin ang nangangalunyang kabiyak, ***"2 At pagka umaga ay nagbalik siya sa templo, at ang buong bayan ay lumapit sa kaniya; at siya'y naupo, at sila'y tinuruan.3 At dinala sa kaniya ng mga eskriba at ng mga Fariseo ang isang babaing nahuli sa pangangalunya; at nang mailagay siya sa gitna.4 Ay sinabi nila sa kaniya, Guro, nahuli ang babaing ito sa kasalukuyan ng pangangalunya.5 Sa kautusan nga ay ipinagutos sa amin ni Moises na batuhin ang mga ganyan: ano nga ang iyong sabi tungkol sa kaniya?6 At ito'y kanilang sinabi, na siya'y sinusubok, upang sa kaniya'y may maisumbong sila. Datapuwa't yumuko si Jesus, at sumulat ng kaniyang daliri sa lupa.7 Datapuwa't nang sila'y nangagpatuloy ng pagtatanong sa kaniya, ay umunat siya, at sa kanila'y sinabi, Ang walang kasalanan sa inyo, ay siyang unang bumato sa kaniya.8 At muli siyang yumuko, at sumulat ng kaniyang daliri sa lupa.9 At sila, nang ito'y kanilang marinig, ay nagsialis na isa-isa, na nagpasimula sa katandatandaan, hanggang sa kahulihulihan: at iniwang magisa si Jesus at ang babae, sa kinaroroonan nito, sa gitna.10 At umunat si Jesus, at sa kaniya'y sinabi, Babae, saan sila nangaroroon? wala bagang taong humatol sa iyo?11 At sinabi niya, Wala sinoman, Panginoon. At sinabi ni Jesus, Ako man ay hindi rin hahatol sa iyo: humayo ka ng iyong lakad; mula ngayo'y huwag ka nang magkasala." (Juan 8:2-11)*** Sila'y hinatulan ng kanilang sariling konsensya sapagkat hindi nila dinala ang lalaki na kasama niya. Ngunit ang kanilang gawi ay pagbato sa mga gumagawa ng pangangalunya.

Kaya ano ang iminungkahi ni Jesus sa paghihiwalay at muling pag-aasawa pagkatapos ng pangangalunya o pakikiapid ay ilalapat muli pagkatapos ng pagkamatay ng kabiyak. Kaya ngayon kung ang iyong kabiyak ay buhay pa sa gayon hindi ka maaring mag-asawang muli. Kahit na siya ay gumagawa ng pangangalunya, nabubuhay kasama ng iba, o nag-asawa ng iba, iyon ay nakalagay sa ***Mateo 19:9 "Sinomang ihiwalay ang kaniyang asawang babae, liban na kung sa pakikiapid,"*** ay hindi maaring isalapat sa iyo; hindi ka maaring makipaghiwalay at mag-asawang muli sa iba sapagkat ang iyong kabiyak ay buhay pa. Kung ikaw ay nakipaghiwalay hindi ka maaring mag-asawang muli sa ibang kabyak kung iyong unang kabiyak ay buhay pa.
*Ang paghihiwalay at pag-aasawang muli ay isinasaalang alang ni Jesus na pangangalunya at para pigilan ang ganitong kasalanan ay humiwalay sa mga kabiyak na nasasangkot sa ganitong pag-aasawa kahit na sila ay legal na kasal at ang mga papael ay nakadokumento.
*Ang ilan sasabihin nila siya ang legal na asawang babae o siya ang legal na asawang lalake ngunit kung ito ay pangangalunya ayon kay Jesus sa gayon sila'y hindi makakapasok sa Kaharian ng Diyos maliban kung maghiwalay sila.

Ang pareho sa sinabi ni Jesus sa ***Mateo 19***, ay sinabi sa ***Marcos 10***, ngunit hindi binanggit ang batayan ng pangangalunya o pakikiapid gaya ng batayan upang ariing ganap ang pag-aasawang muli, ***"2 At nagsilapit sa kaniya ang mga Fariseo, at siya'y tinanong, Matuwid baga sa lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa? na siya'y tinutukso.3 At sumagot siya at sa kanila'y sinabi, Ano ang iniutos sa inyo ni Moises?4 At sinabi nila, Ipinahintulot ni Moises na ilagda ang kasulatan sa paghihiwalay, at ihiwalay siya.5 Datapuwa't sinabi sa kanila ni Jesus, Dahil sa katigasan ng inyong puso ay inilagda niya ang utos na ito.6 Nguni't buhat nang pasimula ng paglalang, Lalake at babaing ginawa niya sila.7 Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa;8 At ang dalawa ay magiging isang laman; kaya hindi na sila dalawa, kundi isang laman.9 Ang pinapagsama nga ng Dios, ay huwag papaghiwalayin ng tao.10 At sa bahay ay muling tinanong siya ng mga alagad tungkol sa bagay na ito.11 At sinabi niya sa kanila, Ang sinomang lalake na ihi0walay ang kaniyang asawa, at magasawa sa iba, ay nagkakasala ng pangangalunya laban sa unang asawa:12 At kung ihiwalay ng babae ang kaniyang asawa, at magasawa sa iba, ay nagkakasala siya ng pangangalunya." (Marcos 10:2-12)*** Dito hindi naglagay si Jesus ng kalayaan sa pakikipahiwalay, kundi binigyang linaw na ang anumang paghihiwalay at pag-aasawang muli ay pangangalunya at ang isyu ay malinaw, at kailangang talakayin sa pamamagitan ng pakikipaghiwalay sa mga nasasangkot doon.

Ang parehong lalake at babae ay ipinagbabawal na gawin iyon, ***"11At sinabi niya sa kanila, Ang sinomang lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa, at magasawa sa iba, ay nagkakasala ng pangangalunya laban sa unang asawa:12 At kung ihiwalay ng babae ang kaniyang asawa, at magasawa sa iba, ay nagkakasala siya ng pangangalunya." (Marcos 10:11-12)***

Sa Lucas binanggit ni Jesus ang kapareho sa Marcos at hindi naglagay ng anumang kalayaan para sa paghihiwalay, ***''18 Ang bawa't lalaki na inihihiwalay ang kaniyang asawa, at magasawa sa iba, ay nagkakasala ng pangangalunya: at ang magasawa sa babaing inihiwalay ng kaniyang asawa ay nagkakasala ng pangangalunya.'' (Lucas 16:18)*** Ang muling pag-aasawa o pangalawang kabiyak, o pangalawang pag-aasawa, ay isinasaalang alang ni Jesus na pangangalunya, at upang pigilan ang ganitong kasalanan ay humiwalay sa mga kabiyak na nasasangkot sa ganitong pag-aasawa kahit na sila ay legal na asawa sa papel.

Sa aklat ng Juan hinarap ni Jesus ang immoralidad ng Samaritanong babae at pinawalang-bisa ang kaugnayan ng babae sa limang lalaki, isinasaalang-alang na wala sa kanila ang asawa niya, ***''16 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Humayo ka, tawagin mo ang iyong asawa, at pumarito ka.17 Sumagot ang babae at sinabi sa kaniya, Wala akong asawa. Sinabi sa kaniya ni Jesus, Mabuti ang pagkasabi mo, Wala akong asawa:18 Sapagka't nagkaroon ka na ng limang asawa; at ang nasa iyo ngayon ay hindi mo asawa: dito'y sinabi mo ang katotohanan.'' (Juan 4:16-18)*** Si Jesus sa bersekulo 16 ay sinabi sa kanya na dalhin ang kanyang asawa sapagkat hindi Niya nais na hiyain siya sa pagsasabi sa kanya na siya ay gumagawa ng pangangalunya, ganon din hinihintay mula sa kanya na sabihin sa kanya ang

katotohanan, bilang isang gawa ng pagtatapat sa Diyos. Katotohanan ipinahayag niya sa kanya na siya ay namumuhay sa immoralidad sa kasalukuyang lalake nang sinabi niya na wala siyang asawa, at sinabi ni Jesus sa kanya na siya ay namumuhay kasama ng limang asawa ngunit pinawalang bisa ang sinuman sa kanila para maging asawa niya. Sapagkat wala ni isa sa lima na kasama niyang namumuhay ay maaring maisaalang alang na asawa niya sa paningin ni Jesus pagkatapos niyang dumihan ang kanyang sarili sa ganoong paraan; kaya ang maari nating maunawaan dito na ginabayan siya ni Jesus na isabuhay ang kanyang buhay malayo sa mga lalaki. Ang kanyang kalagayan ay kapareho sa susunod na Kasulatan***: "1 Pagka ang isang lalake ay kumuha ng isang babae at pinakasalan, ay mangyayari nga, na kung ang babae ay hindi kalugdan ng kaniyang mga mata, sapagka't kinasumpungan niya ng isang kahiyahiyang bagay, ay lalagda siya ng isang kasulatan ng paghihiwalay, at ibibigay niya sa kaniyang kamay, at papagpapaalamin niya siya sa kaniyang bahay.2 At pagkaalis niya sa bahay ng lalake, ay makayayaon siya at makapagaasawa sa ibang lalake.3 At kung kapootan siya ng huling asawa, at lagdaan siya ng isang kasulatan ng paghihiwalay, at ibigay sa kaniyang kamay, at papagpaalamin siya sa kaniyang bahay; o kung mamatay ang huling asawa, na kumuha sa kaniya upang maging asawa niya;4 Hindi na siya makukuhang muling maging asawa ng kaniyang unang asawa na humiwalay sa kaniya, pagkatapos na kaniyang mapangayupapa siya; sapagka't yao'y karumaldumal sa harap ng Panginoon: at huwag mong papagkakasalahin ang lupain na ibinibigay na pinakamana sa iyo ng Panginoon mong Dios." (Deutronomio 24:1-4)*** Iminungkahi sa kanya ni Jesus na isabuhay ang kanyang buhay sa Diyos sa pamamagitan ng paglayo sa mga lalaki.

Ilagay sa iyong isip na ang pakikipagugnayan sa labas ng kasal ay nagtatapos sa isang bata, ay itinuturing na kasal, sapagkat ang kahulugan ng pag-aasawa ay ang dalawa ay magiging isang laman, ***"7 Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa;8 At ang dalawa ay magiging isang laman; kaya hindi na sila dalawa, kundi isang laman." (Marcus 10:7-8 KJV)*** at ang presensya ng bata ay katunayan na ang dalawa ay naging isa. Sa gayon itong mga sangkot sa mga ganyan kung sila ay hindi kasal sa iba at walang anak mula sa iba sa gayon kailangan mong ilagay sila sa pag-aasawa. Kailangan nilang magpakasal upang buuin ang pamilya kung hindi sila'y hindi makaparoroon at mag-asawa sa ibang kapareho. Kung sila ay kasal sa iba o mayroong mga anak sa iba sa gayon kailangan mong ihiwalay sila; kailangan nilang maghiwalay at hindi maaring magpakasal sapagkat ang kanilang kalagayan ay ituturing na pangangalunya.

3. Si Juan Bautista na naghanda ng daan para kay Jesus ay hinarap ang ganitong pag-aasawa***: "3 Sapagka't hinuli ni Herodes si Juan, at siya'y iginapos, at inilagay sa bilangguan dahil kay Herodias, na asawa ni Felipe na kaniyang kapatid.4 Sapagka't sinabi ni Juan sa kaniya, Hindi matuwid sa iyo na aariin mo siya." (Mateo 14:3-4)*** Tinawag natin ang pag-aasawang ito bilang hindi matuwid na pag-aasawa mula sa sinabi ni Juan Bautista kay Herodos na gustong pakasalan ang asawa ng kanyang kapatid habang ang kanyang kapatid ay buhay pa. Sinabi niya sa kanya, "Ito ay hindi matuiwd sa iyo na ariin mo siya". Kailangan nating sabihin ang katulad sa mga nasasangkot sa ganoong hindi matuwid na pag-aasawa. Si Juan Bautista ay pinugutan ng ulo dahil sa kanyang pangangaral laban sa ganitong kasalanan. Ang aking buhay ay pinagbantaan dahil sa isyung ito na aking ipinapangaral at itinuturo, nilalabanan ang hindi matuwid na pag-aasawa.

4. Hinarap ni Apóstol Pablo ang ganitong paksa at itinuturing ang pangalawang pag-aasawa o ang pangalawang kabiyak ay kagaya ng pangangalunya. ***"2 Sapagka't ang babae na may asawa ay itinali ng kautusan sa asawa samantalang ito ay nabubuhay; datapuwa't kung ang asawa'y mamatay, ay kalag na sa kautusan ng asawa.3 Kaya nga kung, samantalang nabubuhay ang asawa, siya'y makikisama sa ibang lalake, siya'y tatawaging mangangalunya: datapuwa't kung mamatay ang asawa, ay laya na siya sa kautusan, ano pa't siya'y hindi na mangangalunya, bagaman siya'y makisama sa ibang lalake." (Roma 7:2-3) "Ang babaing may asawa ay natatalian samantalang nabubuhay ang kaniyang asawa; nguni't kung patay na ang kaniyang asawa, ay may kalayaan siyang makapagasawa sa kanino mang ibig niya; sa kalooban lamang ng Panginoon." (1 Corinto 7:39)*** Hindi lamang para sa mga babae kundi sa mga lalake, kung sila ay kasal na, o kung sila ay mayroong mga anak sa iba, ang kanilang kabiyak, ang magulang ng kanilang mga anak ay buhay pa sa ganon sila ay hindi maaring pumunta at magpakasal sa ibang babae.

Ang maramihang pag-aasawa, maraming asawang babae o pag-aasawa ng higit sa isa ay hindi matuwid na pag-aasawa. sapagkat ginawa ng Diyos kay Adam ang isang asawa at hindi mga asawa***, "22 At ang tadyang na kinuha ng Panginoong Dios sa lalake ay ginawang isang babae, at ito'y dinala niya sa lalake." (Genesis 2:22)*** Iminungkahi din ni Pablo ang isang kabiyak gaya ng sinabi niya ang sumusunod, ***"2 Datapuwa't, dahil sa mga pakikiapid, ang bawa't lalake ay magkaroon ng kaniyang sariling asawa, at bawa't babae ay magkaroon ng kaniyang sariling asawa." (1 Corinto 7:2)*** hayaan ang bawat lalaki ay magkaroon ng kanyang sariling asawa, at hindi mga asawang babae at hayaan ang bawat babae ay magkaroon ng kanyang sariling asawang lalaki at hndi mga asawang lalaki.

5. Hinarap ni Apostol Juan ang ganyang pag-aasawa at sa mga nagsusulong ng ganyang immoralidad sa mga simbahan: ***"20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan.21 At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid.22 Narito, akin siyang inihiraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa.23 At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa." (Pahayag 2:20-23)***

6. Tayo ngayon bilang Simbahan ng Diyos ay naghihintay kay Jesus na dumating at kunin tayo kasama Niya sa Langit kailangan nating harapin ang ganyang mga pag-aasawa. Ang hindi matuwid na mga pag-aasawa na hinaharap natin at nilalabanan ang sumusunod:

1. Paghihiwalay at muling pag-aasawa
2. Maramihang pag-aasawa, maramihang mga kabiyak o pag-asawa ng higit sa isa.
3. Pagsasama na mayroong mga anak nang hindi kasal.

4. Ang isang solong ama o isang solong ina na nag-asawa sa hindi ina o ama ng kanyang unang anak o mga anak.
5. Ang pangalawang kabiyak, o pangalawang asawang babae, o pangalawang asawang lalake, o pangalawang ina, o pangalawang ama.

Sa karagdagan as pagkawala ng kaligtasan sa nabubuhay sa ganoon dahil sa pangangalunya, ito ay kasalanan ng immoralidad na ipapasa sa kanilang mga anak, at ang susunod na saling lahi ay madudumihan ng parehong kasalanan.

Ang panahon na ito ay katulad ng panahon ni Noe gaya ng sinalita ni Jesus tungkol dito nang sinabi Niya, "sila'y nag-aasawa ng maraming asawa", nagsasaad ng maramihang mga asawa at hindi asawa***, "26 At kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Noe, ay gayon din naman ang mangyayari sa mga kaarawan ng Anak ng tao.27 Sila'y nagsisikain, sila'y nagsisiinom, sila'y nagaasawa ng maraming asawa, at sila'y pinapagaasawa, hanggang sa araw na pumasok sa daong si Noe, at dumating ang paggunaw, at nilipol silang lahat." (Lucas 17:26-27)***

Sa mga pumapayag sa kanila, ang kasalanan ay pupunta rin sa kanilang mga anak at sa kanilang mga alagad at hahawaan ang mga taong kasama nila. Ang mga simbahan na pinapayagan sila ay magkakaroon ng parehong kasalanan sa gitna nila.

***Sa aking mahal at minmahal***: Sa gayon para sa lahat ng mga kadahilanang ito, ang sumusunod ay ang ating ipagpapatuloy na gawin sa panawagang ito at sa layuning ito:

1. Lumikha ng kapaligiran ng kaalaman para sa paksang ito ng kasalanan.
2. Ipaliwanag ang tungkol sa mga kasalanan ng ganyang pag-aasawa o mga may kaugnayan.
3. Bigyang diin ang kawalan ng kaligtasan kung ang kasalanang ito ay nagpapatuloy.
4. Ipaliwanag ang sumpa na ipapasa sa kanilang mga anak at sa susunod na saling lahi.
5. Ipaliwanag na ang bagong mga tao na mahahawaaan at gawin ang kaparehong kasalanan kung ang mga simbahan ay tatangging harapin ang ganoong kasalanan.
6. Ipaliwanag na si Jesus ay malapit ng dumating at hinahanap na makatagpo ang kanyang simbahan na inaakalang walang kapintasan, kulubot, o dungis. ***"27 Upang ang iglesia ay maiharap sa kaniyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anomang gayong bagay; kundi ito'y nararapat maging banal at walang kapintasan." (Epeso 5:27 KJV)***
7. Ipasa ang mensaheng ito sa iba kasama ang mga manggagawa at simbahan at ipanalangin sila na magsisi mula sa pagkondena sa ganitong kasalanan.
8. Ipanalangin ang mga nasa ganoong kasalanan na magsisi. Ipangaral as kanila ang mensahe.
9. Ipanalangin ang iyong proteksyon at proteksyon ng lahat ng katawan ng mga manggagawa na humaharap sa mga nasa ganitong kasalanan.
10. Iulat ang lahat ng kaso na nakakatagpo mo ng ganoon.
11. Bigyang laya na tawagan ako para sa anumang paglilinaw, katanungan, tulong, at pagpapayo.
12. Ipanalangin ako na magkaroon ng bagong pagbubukas ng pinto para ipangaral at ipahayag ang mensahe sa paraang ito ay nararapat, at ipanalanagin ang aking proteksyon.

Ang ating mga panalangin kasama kayong lahat habang ikaw ay nanindigan at gawin ang gawain ng Diyos. Habang ginagawa natin ang Kanyang kalooban pangungunahan tayo ng Diyos sa susunod na hakbang sa ating paglilingkod at ministerio sa Kanya, hanggang sa panahon na Siya ay dumating at kunin tayo kasama Niya sa Langit.

***Ang aking panalangin:*** Amang Diyos, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para iyong malinaw na mensahe sa akin tungkol sa isyu ng hindi matuwid na pag-aasawa. Panginoon itinatalaga ko ang aking sarili na tumalima sa iyong Salita sa mensaheng ito at upang ipatupad ang naayon sa iyong kalooban.

Ipahayag sa Panginoon ang iyong mga kasalanan. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan _______. Panginoon hinihingi ko ang iyong kapatawaran para sa lahat ng mga kasalanan na iyong mga simbahan at iyong bayan ay nasasangkot sa hindi matuwid na pag-aasawa sa ginagawa nila at pagpayag sa kanila.

Panginoon ako'y nanalanagin na gumawa ka ng daan para sa iyong mga simbahan na maging malinis mula sa gayong mga kasalanan. Panginoon gamitin ang iyong Salita para magsiwalat ng kabanalan sa buhay ng mga simahan at sa iyong bayan.

Panginoon pahiran ang aking mga kapatid na lalake at babae na itinalaga ang kanilang buhay para maglingkod sa iyo na naaayon sa iyong kalooban. Panginoon ibigay sa kanila ang karunungan at pagkilala na pumaroon at gawin ang iyong kalooban. Panginoon protektahan sila mula sa masama at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan na pumaroon at maglingkod sa iyo.

Panginoon pagpalain kami bilang simbahan, protektahan kami mula sa masama habang kami ay pumapaloob sa gawaing ito upang maglingkod sa iyo. Panginoon ibigay ang lahat ng aming mga kailangan, magbukas sa amin ng bagong pintuan upang ipahayag ang mensahe, bigyan kami ng karunungan at pagkakilala at kalakasan na harapin ang ganoong mga kasalanan ng hindi matuwid na pag-aasawa, at mapanatli hanggang sa panahon na ikaw ay dumating upang kunin kami. Panginoon pusposin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na mga kaloob na pumaroon at magebanghelyo at magtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon hayaan ang iyong pananaw na iyong ibinigay sa iyong simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad sa buong kalooban ng Diyos' na matupad. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain,

sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Paksa ng Hindi matuwid na Pag-aasawa: 1Corinto 6:9. Ezra 9:1-4. Ezra 10:1-44. Mateo 19:3-12. Juan 8:2-11. Marcus 10:2-12. Lucas 16:18. Juan 4:16-18. Deutronomio 24:1-4. Mateo 14:3-4. Roma 7:2-3. 1 Corinto 7:39. Genesis 2:22. 1 Corinto 7:2. Pahayag 2:20-23. Lucas 17:26-27. Epeso 5:27.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com